TOMO 10 BILANG 8 | ISSN NO. 2599-5405 | AGOSTO 2023

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI










# CMDI, IPINAGDIWANG ANG IKA-5 COMMENCEMENT EXERCISES

*nina Harlene Reyes at Mary Rose Javier*



*Ang mga nagsipagtapos sa Academic Year 2022-2023 sa CMDI Bay Campus habang inaawit ang kanilang graduation song, "At the Beginning." Samantala, nagpahayag ng pasasalamat ang CMDI Bay Campus Class 2023 Outstanding Student at Magna Cum Laude na si Krisha Joy M. Villarin.*

Isinagawa ng CARD-MRI Development Institute (CMDI), Inc. ang ikalimang *commencement exercises* nito na may temang "CMDI Graduates: Molded through a Resilient Educational Foundation," sa parehong kampus nito sa Tagum City, Davao del Norte, at Bay, Laguna, noong Hulyo 24 at 28, 2023.

Sa pagtatapos na ito, ipinagdiwang ng CMDI ang katatagan at pagiging handa ng mga nagsipagtapos sa pagharap sa kanilang kinabukasan.

Ibinahagi ng Presidente ng CMDI na si Dr. Flordeliza L. Sarmiento na malaki ang paniniwala niya na naihanda ng CMDI ang mga nagsipagtapos sa pagbubukas ng panibagong yugto ng kanilang buhay "Natutuwa kami na mayroon na naman kaming panibagong *batch* na nahubog at napatatag ang mga puso upang magtaguyod ng pag-unlad hindi lamang para sa kanilang mga sarili kundi pati na rin para sa kanilang pamilya at komunidad."

Sa parehong kampus, 760 mag-aaral ang nakatapos ng kanilang pag-aaral ngayong Taong Panuruan. Mula rito, 234 ang nagtapos sa Senior P2

## KWENTONG TAGUMPAY

# PUNO NG KATATAGAN

*ni Edrian Banania*

Kilala ang puno ng niyog bilang puno ng buhay dahil sa mga benepisyong makukuha mula rito. Ang mga produktong galing dito ay ginagamit sa pagkain, buhok, balat, pampaganda, at mga gamot.

Naging hanapbuhay na ang puno ng niyog para sa komunidad ng Doña Trinidad, San Andres, Romblon kabilang ang pamilya Mordido kung saan nagpapatakbo sila ng isang *copra business*.

Taong 1997 nang ipagpatuloy ng mag-asawang Jenelyn at Lotgardo Mordido ang *copra business* mula sa mga magulang ni Lotgardo. Dahil sa kanilang pagtutulungan, naipagpatuloy nila ang kanilang negosyo hanggang ito na ang kanilang naging P3

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **P50.00** load via konek2CARD!

**Kailan ginanap ang ikalimang commencement exercises ng CMDI sa Bay Campus nito?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# CMDI, NAGDIWANG NG ... 

P1

High School, at 526 naman ang nakakuha ng *degree* sa kolehiyo.

Ipinahayag ni CMDI Senior Executive Vice President at COO Dr. Edzel Ramos na ang tagumpay ng mga nagsipagtapos ay higit pa sa diploma na kanilang natanggap. Bingiyang-diin niya ang responsibilidad ng mga ito na panghawakan ang isang legasiyang may tanda ng kahusayan. "Naniniwala ako na nabigyan kayo ng CMDI ng isang matatag na pundasyon ng edukasyon at napagyaman ang inyong kakayahan upang humubog at maging lider ng inyong mundong gagalawan."

Hinikayat rin ng CARD MRI ang mga nagsipagtapos na maging bahagi ng misyon nitong wakasan ang kahirapan sa Pilipinas. "Ang buong-pusong pakikibahagi ng mga nagsipagtapos sa pagpuksa ng kahirapan kasama ang CARD MRI, maging sa labas ng organisasyon, ang maglalapit sa pagkamit ng layunin nito," ani Dr. Dolores M. Torres, CMDI Senior Dean and CARD MRI Senior Management Adviser.

Nagpatuloy sa pagbibigay ng inspirasyon ang CARD MRI Founder and Chairman Emeritus at CMDI Chairperson Dr. Jaime Aristotle B. Alip. "Ang edukasyon ang inyong sandata upang magtagumpay at hindi na bumalik sa kahirapan."

Upang makamit ito, nagbibigay ang CARD MRI ng *scholarship* at *voucher* sa mga kwalipikadong mag-aaral. Sa katunayan, mayroon na itong 1,656 na kabuoang iskolar sa parehong mga kampus nito ngayong Hunyo 2023.

Kinilala ng CARD MRI Managing Director Mr. Aristeo A. Dequito ang tungkuling ginagampanan ng CMDI sa loob ng 23 taon sa patuloy nitong pag-angat sa kapasidad ng mga mag-aaral upang makamit ang kanilang mga pangarap at makatulong sa pag-unlad ng bansa.

Ang CMDI ang *educational arm* sa ilalim ng CARD MRI na nagbibigay ng iba't ibang *training programs* at *academic courses* para sa mga mag-aaral.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang CMDI website sa www.cmdi.edu.ph at ang kanilang official Facebook page,@cmdiofficial.

## KWENTONG TAGUMPAY

# PUNO NG ...

P1



*Kumuha ng katatagan ang isang microentrepreneur na si Jenelyn Mordido sa 'tree of life', tungo sa pagtupad ng minimithing pangarap katuwang ang kanyang asawa at CARD, Inc.*

libangan at pangunahing pangkabuhayan.

Si Lotgardo ang umaakyat sa puno para kumuha ng niyog, nagbabalat, at naghahatid ng *copra* sa kanilang mga mamimili samantalang tinutulungan naman ito ni Jenelyn sa pagpapatuyo ng laman ng niyog na siyang pinagmumulan ng *copra* at siya rin ang nakikipag-usap sa mga mamimili.

Ang kilo ng *copra* ay kanilang ibinebenta sa halagang PHP 18.00 at kadalasang dinadala sa mga kalapit lungsod at pamilihan sa Romblon, habang ang bao ng niyog ay kanilang ginagawang uling at binebenta sa halagang PHP 25.00 kada sako.

Sa kabila ng pandemya at mga hamon ng buhay, nanatiling matatag ang mag-asawa para sa kanilang apat na anak at negosyo tungo sa pagtupad ng inaasam na magandang kinabukasan.

Ayon kay Jenelyn, bukod sa kanilang katatagan, ang paglago ng kanilang negosyo ay hindi posible kung wala ang suporta ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) kung saan kumuha siya ng *loan* para suportahan ang pag-aaral ng kanilang mga anak, ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan, at pagpapatakbo ng kanilang negosyo.

Sa kasalukuyan, ang kanilang tatlong anak ay nakatutulong na rin sa gastusin at pag-aaral ng kanilang bunsong kapatid. Bukod sa kanilang *copra business*, si Jenelyn ay kumikita na rin sa kanyang *home massage services* at pagtitinda ng libro.

"Sa lahat ng nangangarap, maging matatag at positibo anumang hamon ang harapin dahil ito ang maghahatid sa iyo patungo sa iyong hinahangad na pangarap."


**WHAT IS MFI NEWSWIRE?**

The MFI Newswire website is a web-based newswire service of Philippine microfinance industry. Additionally, it showcases tales of communities uplifted by the industry's efforts and its contribution in ending poverty in the country.

www.mfinewswire.com



# ANNIVERSERBISYO

YUGTO NG PAG-UNLAD AT PAG-ASA

## CARD MRI PUBLISHING HOUSE

Nasa ikaanim na taon na ang CARD MRI Publishing House ng paghahatid ng mga positibong kwentong makapagpapaunlad sa pamumuhay ng pamayanan noong **Hulyo 11, 2023**. Layunin ng institusyon na magbahagi ng kapaki-pakinabang na mga lathalain na makapagbibigay ng inspirasyon sa iba't ibang henerasyon sa paggawa ng mga mahuhusay na desisyong maaaring bumuo sa kanilang matatag na hinaharap. Maliban sa mga libro at tradisyunal na lathalain, ginagamit na rin ng CARD Publishing ang iba't ibang plataporma upang mas epektibong maabot ang lahat ng indibidwal sa iba't ibang komunidad.

## CARD MRI HIJOS TOURS

Ipinagdiwang ng CARD MRI Hijos Tours ang ikaanim nitong anibersaryo ng pagbibigay ng makabuluhang paglalakbay sa mga kliyente nito noong **Hulyo 11, 2023**. Mayroon ng pitong programa ang Hijos Tours sa Laguna, Leyte at Samar, Iloilo, Davao City, Baguio City, Legazpi, at Vigan at Abra. Ang mga lokal na komunidad sa mga nasabing programa ang siyang tagapaghatid ng kwento sa pamamagitan ng pagiging *tour guide*, mga pagkaing inihahain, mga pabaong *souvenir items*, at mga walang kaparis na karanasang sa komunidad lamang nila matutunghayan. Layunin ng Hijos Tours na mapagyaman ang ating kultura at tradisyon sa pamamagitan ng paghahatid ng kwento habang tinutulungan ang lokal nitong komunidad.

## CARD SME BANK

Ipinagdiwang ng CARD SME Bank, Inc. (A Thrift Bank) ang ika-12 anibersaryo nito na may temang "Celebrating 12 years of Partnering with MSMEs: Trust, Dedication, and Growth" sa San Pablo City, Laguna noong **Hulyo 25, 2023**.

Isa sa mga pangunahing bahagi ng pagdiriwang ay ang Negosyo Talk na naglalayong bigyang kaalaman ang mga kliyente ng bangko sa paggawa ng mga desisyon at kahalagahan ng *digitalization* at *adaptability*. Pinag-usapan din dito ang mga potensyal na mayroon sila bilang mga negosyante.

## CARD MRI INSURANCE AGENCY

Ipinagdiwang ng CARD MRI Insurance Agency (CaMIA) ang ika-16 na anibersaryo nito na may temang "Providing safety net for Filipino people" sa San Pablo, Laguna noong **Agosto 2, 2023**.

Ang isang simple ngunit mahalagang selebrasyon ay isinagawa sa M. Paulino CARD MBA Building sa San Pablo City, Laguna, kung saan isang *thanksgiving mass* ang isinagawa, sa pangunguna ni Msgr. Jerry Bituon.

Ang CaMIA ay patuloy sa pag-abot sa mas maraming Pilipinong nangangailangan ng mga abot-kayang produkto at serbisyo sa microinsurance. Nananatiling nakatuon ang CaMIA sa pagpapalawak ng iba't ibang paraan upang maabot at maturuan ang komunidad tungkol sa benepisyo ng seguro lalo't higit sa mga hindi inaasahang pangyayari.

## CARD MRI ASTRO LABORATORIES


Ipinagdiwang ng CARD Astro Laboratories ang ikaapat nitong anibersaryo nito noong **Agosto 6, 2023**. Ang laboratoryo ay patuloy na naghahatid ng mga produktong makapagbibigay ng karagdagang proteksyon ng pamilyang Pilipino mula sa mga lumalaganap na sakit. Patuloy rin ang CARD Astro sa paggawa ng mga bagong produktong makapagpapabuti sa kanilang kalusugan.

## MGA LIKHA NI INAY

Ang Mga Likha ni Inay ay nagdiwang ng kanilang siyam na taong anibersaryo noong **Agosto 14, 2023**. Patuloy na nililinang at pinaghuhusay ng institusyon ang kakayahan ng mga negosyante at artesano upang maitaas ang kalidad ng kanilang mga produkto upang matulungan silang maipakilala ang kanilang husay at mga produkto sa mas malawak na merkado. Patuloy namang gumagawa ng paraan ang MLNI upang makapagbigay ng karagdagang trabaho para sa kliyente ng CARD MRI.

## FDS ASYA PHILIPPINES

Ipinagdiwang din ng FDS Asya Philippines (FDSAP) ang ika-7 anibersaryo nito ng pagbibigay ng IT solution upang mapabilis ang pagbibigay ng pampinansyal at programang pangkaunlaran sa komunidad ng CARD MRI noong **Agosto 16, 2023**. Patuloy na pinaghuhusay ng FDSAP ang digital transformation ng CARD MRI upang makasabay hindi lamang ang buong organisasyon sa pagbabago kundi ang maging ang mga kliyente nito. Dahil sa mga inobasyong ginagawa ng FDSAP, malayo na ang narrating ng CARD MRI sa pagbibigay nito ng programang pangkaunlaran sa buong Pilipinas.







# BIYAYA NG ISA PANG PAGKAKATAON

*ni Harlene Reyes*



*Sa likod ng pagkakataong muling makapagtinda, nakita ni Maricel na isa itong biyayang gabay sa pagharap ng magandang bukas.*

Mula sa Davao City, si Maricel Lato at ang kanyang pamilya ay dating nagpapatakbo ng isang *grocery store* na kumikita ng PHP 200,000 sa isang araw. Ngunit dahil sa mga hindi inaasahang pangyayari, napilitan silang isara ang kanilang negosyo at lumipat sa Visayas.

Hindi nagtagal, pumunta si Maricel sa Maynila upang ituloy ang kanyang hangaring makapagtrabaho sa ibang bansa upang suportahan ang kanyang pamilya. Ngunit dahil sa kanyang pagbubuntis, nabigo siyang ituloy ito.

Nakipanirahan silang mag-asawa sa tiyahin ng kanyang asawa. Doon ay nagtinda si Maricel ng mga kakanin. Nang maglaon ay kinailangan na rin nilang umalis sa kanilang tinutuluyan. Sinubok ang kanilang katatagan nang magkasakit silang mag-asawa. Walang ibang ginawa si Maricel kundi ang manalangin sa kanilang paggaling. Dininig naman ang kanilang panalangin.

Agad namang nakahanap ng trabaho ang kanyang asawa kung saan pinatira sila ng kanilang amo sa isang bahay. Ayon sa kanya, wala silang ibang binabayaran kundi ang kuryente kaya muling nagtinda sila Maricel bilang pandagdag sa gastusin.

Gamit ang isang maliit na lamesa at puhunang PHP2,000, nagtinda siya ng mga gulay. "Marahil ang pagtitinda ang ipinagkaloob sa akin ng Diyos kung kaya't palalaguin ko ito nang maayos," saad ni Maricel.

Unti-unting lumago ang negosyo ni Maricel dahilan upang magtinda na rin siya ng iba pang sangkap sa pagluluto. Sa katunayan, lumago na ang kanyang puhunan at nakakuha ng pwesto na kanyang inuupahan para sa kanyang negosyo.

Ang CARD, Inc. (A Microfinance NGO), ang kanyang naging katuwang sa pagpapalago nito. Ayon pa sa kanya, ang isa ay kanyang mga kapatid ang naghikayat sa kanyang sumali sa institusyon dahil sa serbisyong ginagawa nito sa komunidad, partikular na ang *insurance*.

Tatlong libong piso ang naging unang *loan* niya sa CARD na kanyang ginamit sa pagbili ng paninda. "Simula noon, sa CARD na ako kumukuha ng puhunan para sa pagpapatakbo ng aking negosyo." Natuto rin si Maricel na mag-ipon para sa kanyang negosyo at pamilya dahil sa CARD.

Marami pang plano si Maricel para sa kanyang negosyo kasama ang CARD, Inc. "Naniniwala ako na ang muling pagkakataong makapagtinda ay isang biyaya mula sa Panginoon upang maging katuwang ng aming pamilya sa pagharap ng magandang bukas." Pagpapatuloy niya, "Ipinagkaloob sa akin ng Panginoon ang negosyong ito upang maging biyaya sa aming pamilya."

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers